


2

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 7: Ang Panahon at Kalamidad Sa Sariling Komunidad



**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 7: Ang Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunidad
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mary Ann P. Abello
Patnugot:	Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag
Tagaguhit:	Christopher S. Carreon
Tagalapat:	Rachel S. Dela Cruz
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 7:
Ang Panahon at Kalamidad
Sa Sariling Komunidad

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain na makatutulong sa mag-aaral upang maunawaan ang mga paksa tungkol sa panahon at kalamidad na nararanasan sa sariling komunidad.

Inaasahan na maipamamalas ng mag-aaral ang mga sumusunod:

1. nailalarawan ang panahon at kalamidad na nararanasan sa sariling komunidad;
2. natutukoy ang iba't ibang uri ng panahong nararanasan sa sariling komunidad;
3. nakabubuo ng simpleng ulat ukol sa kalagayan ng panahon sa sariling komunidad;
4. maging responsableng mag-aaral at handa sa anumang panahon at kalamidad sa maaaring maranasan sa hinaharap.



Subukin

Panuto: Kilalanin ang mga nasa larawan. Isulat ang sagot sa kahon. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.



1.




2.



3.



4.







5.

Panahon at Kalamidad sa Sariling Komunidad



Balikan

Panuto: Isulat kung anong anyong lupa at anyong tubig ang nasa larawan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.





Tuklasin

May iba't ibang panahon at kalamidad ang nararanasan sa bawat komunidad. Maaaring maging sanhi ito ng pagkasira ng mga ari-arian o pagkawala ng buhay ng tao. Mahalagang malaman natin ang uri ng panahon at mga kalamidad na maaaring maranasan natin sa hinaharap. Basahin ang ulat-panahon ni Perle.



Magandang araw. Ako nga pala si Perle na mag-uulat tungkol sa lagay ng panahon ngayong araw.

Maaliwalas ang panahon ngayon. Matindi ang sikat ng araw. Inaasahang magiging maalinsangan ang panahon. Marami ang maaaring gawing aktibidad sa labas ng bahay.

Iwasan ang pagbibilad nang matagal sa araw dahil maaari kang magkasakit dulot ng matinding init sa labas.

Ugaliing magdala na payong o anumang gamit laban sa init ng araw o ulan dahil sa pabagobagong panahon.




Suriin


May dalawang uri ng panahon ang nararanasan sa ating komunidad. Ito ang tag-init at tag-ulan. Mula sa buwan ng Nobyembre hanggang buwan ng Abril nararanasan ang tag-init samantalang mula naman buwan ng Mayo hanggang Oktubre ang tag-ulan. Maaaring magbago ang buwan ng tag-init at tag-ulan dahil sa epekto ng *global warming* o pag-init ng daigdig. Sa bawat uri ng panahon, maaaring makaranas ng iba't ibang sakit gaya ng lagnat, ubo, *sore eyes*, *allergy* at iba sa panahon ng tag-init at tag-ulan.

Uri ng Panahon	Magandang Dulot	Hindi Magandang Dulot
Tag-init	Nakagagawa ng mga gawain o aktibidad sa labas	Natutuyo ang mga pananim
	Nakapagbibilad ng palay ang mga magsasaka. Madali ring nakapagpapatuoy ng damit.	Maaaring magkaroon ng sunog at mapanganib din sa kalusugan ang sobrang init.

Uri ng Panahon	Magandang Dulot	Hindi Magandang Dulot
Tag-ulan	Nakapagtatanim ng palay at iba pang gulay. Nadidiligan ang mga pananim.	Nasisira ang mga pananim at iba pang ari-arian at maaaring bumaha dahil sa sobrang tubig.
	Napupuno ng tubig ang mga <i>dam</i> upang may magamit ang mga tao	Maaaring makakuha ng sakit gaya ng ubo, sipon, lagnat at trangkaso dahil sa malamig ng panahon

Ang kinaroroonan ng isang komunidad ay may kinalaman sa iba't ibang uri ng panahon at kalamidad na nararanasan. Ito ay nagdudulot ng epekto sa anyong lupa, anyong tubig at sa tao.






Pagyamanin

A. **Panuto:** Iguhit sa loob ang mga bagay na dapat gamitin sa panahon ng tag-init at tag-ulan. Kulayan ang mga ito. Iguhit ang mga ito sa sagutang papel.






Tag-init



Tag-ulan




B. Panuto: Ayusin ang mga letra sa loob ng tatsulok. Isulat ang nabuong salita sa kahon. Gamiting gabay ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.



1. Ito ay pagbuga ng usok, mainit na putik at bato.
2. Ito ay nagdadala ng malakas na ulan at hangin.
3. Maaaring maging sanhi ng pagkawala ng buhay at ari-arian dahil sa usok at malaking apoy.
4. Ito ay pagyanig ng lupa at pagguho ng mga gusali, bahay at pagtumba ng poste at puno.
5. Ito ay isang kalamidad na bunga ng walang tigil na pag-ulan at malakas na hangin

C. Panuto: Paghambingin ang tag-init at tag-ulan. Sumulat ng salitang naglalarawan dito. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.



D. Panuto: Tingnan ang mga larawan sa loob ng lobo. Itambal ito sa uri ng panahon sa pamamagitan ng paglalagay ng guhit. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1

2

3

4.

5

maambon at maulan


maulap na himpapawid

makulimlim ang panahon

kumikidlat at kumukulog

matindi ang sikat ng araw

E. Panuto: Bilugan ng mga kasuotan na isinusuot kapag tag-init at ikahon ang isinusuot kapag tag-ulan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.



F. Panuto: Itambal ang larawan ng panahon o kalamidad na nasa hanay A sa kahulugan nito sa hanay B. Gawin ito sa sagutang papel.

A

B




a. bagyo




b. tag-init



c. lindol



d. tag-ulan



e. sunog

G. Panuto: Hanapin ang mga salitang nglalarawan o may kaugnayan sa panahon at kalamidad.

Kulayan ng asul ang nahanap na salita. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.



H. Panuto: Isulat ang TAMA kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at MALI kung hindi. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

_____1. Madalas magkaroon ng sunog sa panahon ng tag-init.

_____2. Kapag ay baha at bagyo, nasisira ang mga pananim.

_____3. Ang mga bata ay naglalaro sa labas sa panahon ng tag-ulan.

_____4. Mabuti sa kalusugan ang usok at abo na dala ng pagsabog ng bulkan.

_____5. Pumunta agad si Ben sa gumuhong gusali pagkatapos ng lumindol.



Isaisip

Panuto: Isulat sa kahon ang tamang sagot base sa iyong napag-aralan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Maaaring magbago ang buwan ng tag-init at tag-ulan dahil sa epekto ng o pag-init ng daigdig.
2. Nakagagawa ng mga gawain o aktibidad sa labas sa panahon ng .
3. Sa panahon ng , maaaring magkasakit ng ubo, sipon, lagnat at trangkaso.
4. Ang ay pagyanig o paguga ng lupa na nagiging sanhi ng pagguho ng mga gusali, bahay at iba pa.
5. Delikado sa kalusugan ng tao at hayop ang usok at abo na dala ng .



Isagawa





Panuto: Gumawa ng *retrieval chart*. Punan ng sagot ang bawat kahon. Gawin ito sa sagutang papel.

Mga Kalamidad	Epekto nito sa atin	Maaaring gawin upang maging ligtas
1. bagyo		
2. baha		
3. sunog		
4. lindol		
5. pagsabog ng bulkan		



Tayahin

Panuto: Itala ang ulat tungkol sa panahon na nararanasan sa iyong komunidad. Lagyan ng ✓ ang bawat kahon. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

Uri ng Panahon Araw				
Lunes				
Martes				
Miyerkules				
Huwebes				
Biyernes				
Sabado				
Linggo				



Karagdagang Gawain

Anong kalamidad ang nasa larawan? Ano ang epekto nito sa kapaligiran at sa tao?





Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. tag-ulán 2. sunog 3. tag-araw 4. bagyo 5. pagbabog ng buikan 	<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. burol 2. ilog 3. dagat 4. buikan 5. bukid/kapatagan 	<p>Pagymanin A</p> <p>Maaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	<p>B</p> <p>baha bagyo lindo baha sunog pagbabog ng buikan</p>
<p>C</p> <p>Maaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	<p>D</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. matindi ang sikat ng araw 2. maalap na himpapawid 3. kumikidlat at kumukulog 4. mambon at maalan 5. makulimlim ang panahon 	<p>E</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. sando-bilog 2. pantalon-kahon 3. jacket-kahon 4. Short-bilog 5. Tshirt-bilog 	
<p>F</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. C 2. A 3. E 4. D 5. B 	<p>G</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. pag-uga ng lupa 2. malaks na ulán 3. natumba ang puno 4. lava 5. lagnat 	<p>H</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. tama 2. tama 3. mali 4. mali 5. mali 	
<p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. global warming 2. tag-init 3. tag-ulán 4. lindol 5. pagbabog 	<p>Isagawa</p> <p>Maaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	<p>Tayahin</p> <p>Maaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Maaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>

Sanggunian

Cruz, Gloria M. Capunitan Charity A. dela Rosa, Emelita C. Arrobang Leo, F. Janda Lerma V. "Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad" *Araling Panlipunan, Kagamitan ng Mag-aaral, Baitang 2* (Vibal Publishing House Inc., 2013) 87-93.

Cruz, Gloria M. Capunitan Charity A. dela Rosa, Emelita C. Arrobang Leo, F. Janda Lerma V. "Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad" *Araling Panlipunan, Patnubay ng Guro, Tagalog, Baitang 2* (Vibal Publishing House Inc., 2013) 28-34.

Forniz, Grace M., Jimeno, Ruby TN., Menese, Sonny F. Jr., Evangelista, Teresita T., Santos, Genia V., Sabas, Julia B., Pena, Rhodora B., Ampong, Amphy B., "Edukasyong sa Pangkalusugan, Kagamitan ng Mag-aaral, Baitang 4(DepEd-ICS, 2015)374-379, 380-384.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph